

NEWS



Borotoy's
Linga

| Andrei Pangilinan

Trading Activity ipinamalas ng Iskawts

Bilang parte ng programa sa 17th National Scout Jamboree, isinagawa ang traditional na "Trading Activity" o pagpapalitan ng neckerchief ng iskawts mula sa iba't ibang council.

"Nakikipag-trade ako para malaman ng ibang council iyong kultura namin (Iloilo)," pahayag ng isa sa mga nakaipon ng pinakamaraming neckerchief na si Henrich Romel S. Eucogo, 16 taong gulang ng Iloilo (Confessor) Council.

Bukod pa rito, ang nasabing tradisyon ay nagpapakita ng pakikipagkaibigan o "camaraderie" sa pamamagitan ng mga iskawts na lumahok sa Jamboree.

| JOHN SPENCER D. ARLEGA



Iskawts, sumapit na ang huling araw na kung saan ang lahat ay nagsisiwian at namamaalam. Ang mga pariralang ito ay mga halimbawa ng pamamaalam sa diyalekto ng aming angkang Sambal-Botolan.

Mag-ati kayi hana! - (Aalis na kami)

Mako tamo hana! - (Punta na tayo)

Murong koy na! - (Uwi na ako)

Pakaligba ka! - (Magpakasaya ka)

Ingat ka tana! - (Ingat, ka)

Jambo Scoop

Scouts convene for a global cause

To formulate resolutions to be presented to the National Executive Board regarding global issues, Scout representatives gathered in the Scout Youth Forum, Dec. 6.

"Ito poiyong ground kung saan lahat ng scouts from different councils ay magtutulong-tulong to create a resolution or create a project for the certain problem," asserted Jezreel Larry R. Caunca, Eagle Scout from Laoag City Council.

The forum aims to find solutions which will lead in eradicating problems and solving issues which includes teenage pregnancy, use of illegal drugs and other problems that society is facing today.

"Actually dito din natinkinukuha 'yong representatives natin for the highest policy-making body ng Boy Scouts of the Philippines which is the National Executive Board of BSP, ditofin-formulatenatinlahatng mga projects, lahat ng mga further amendments napwedenatinggawinsa constitution ng BSP," added Celeste Cananua, from Batangas City Council and member of National Executive Board.

Moreover, the Youth Forum is also the stepping stone of every scout to promote change globally.

| Dan Reyven Mendigorin / Lee John Ng



Bagong Eagle Scouts kinilala

Pormal nang kabilang ang 18 mga bagong Eagle Scouts mula sa iba't ibang council nang sila ay ipinakilala sa ginanap na 17th National Scout Jamboree Court of Honor (NCOH Eagle) sa Brgy. San Juan – Covered Court, Botolan, Dis. 6.

"Kailangan mong pagdaanan ang mga advancement trainings which is may-roong iba't ibang tracks, simula Explorer hanggang Eagle Scout (pinakamataas na Rank sa Scouting), syempre hindi naman natatapos dito, kumbaga nagsisimula palang na maipasa mo ang iyong mga natutunan upang makapag-produce ng mga bagong Eagle Scout na katulad namin." Ivan Louie Estabillo, bagong eagle scout ng Bulacan Council.

Inilaan ang gabing iyon sa pagpapahalaga sa kanilang tibay at husay sa pagkamit

ng nasabing ranggo.

"Sa una, hindi ako makapaniwala, sobrang saya, lahat ng pagod nawala. Lahat ng activities na ginawa ay nasuklian ng pangarap na maging Eagle Scout." dagdag pa ni Estabillo.

Samantala, ito ay dinaluhan ng mga matataas na opisyal ng Boy Scout of the Philippines (BSP) na kinabibilangan nina Roberto M. Pagdanganan- National President (BSP), P/Dir Cedrick G. Train- Chief National Commissioner, Engr. Rogelio S. Villa, Jr.- Secretary General, Pepipo M. Carpio - Emeritus Member of National Executive Board (NEB) Ramon Lacbain II- Ramon Magsaysay Council Chairman.

| Juvy C. Deliquina / Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar

Sub Camp Makabansa kampeon sa Yell, Song, Skit

Nasungkit ng Sub Camp Makabansa ang kameonato sa naganap na Sub Camp Presentation sa Grand Closing Ceremonies ng 17th National Scout Jamboree, Dis. 6.

"Ang Grand Campfire ay isang malaking oportunidad upang maipakita na Cebu Council ang pinakamagaling sa buong Pilipinas." pahayag ni Iskawt Fitz Gerald Gerundio, Cebu Council.

Kabilang din sa mga nag-uwi ng parangal ang Sub Camp Laging Handa, Unang Puwesto; Sub Camp Maka Diyos, Ikalawang Puwesto; Sub Camp Mount Pinatubo, Ikatlong Puwesto; Sub Camp Makakalikasan at

Sub Camp Makatao, consolation.

Sumentro ang kanilang mga naging naging pagtatanghal sa naging tema ng jamboree ngayong taon na "Saving Lives".

"Iyong pagtatanghal naming ay nagpapakita kung paano sinusubok ng mga problema ang mga taga – Cebu pero patuloy pa rin sa pagtulong sa kanilang kapwa." wika ni Iskawt Luis Martin Garcia, Cebu Council.

Nakatanggap sila ng sertipiko ng pagkilala at premyong nagkakahalagang P15,000.

| Marc Jay R. Duque

Broadcast Team, SerW flare 17th NSJ coverage, updates

This years National Jamboree achieved another record in the history of scouting for updating the whole country via live radio broadcast on Facebook and Youtube.

Pursuant to the mandate of the Promotion, Documentation and Publicity Committee of the 17th National Scout Jamboree (NSJ) 2019 to notify every Filipino with the latest happenings about the ongoing scout gathering, Subic e Radio Worldwide (SeRW) merged with the NSJ Broadcast Team for a

reliable and unswerving public information service across the different parts of the Philippine Archipelago.


Ramon G. Lacbain II, SerW Station Manager together with Joanna Aglibot, Philippine Daily Inquirer news writer pledged himself for a better information dissemination.

Campus journalists from Botolan National High School and Beneg National High School showed their expertise in radio broadcasting and video editing.

Their skills harnessed the live coverage of the entire NSJ. Even Typhoon Tisoy didn't shatter the members of the team in promulgating efficient and factual news update.

"It is our honor to deliver updates and information about the biggest national jamboree in the history of the Scouting Movement here in the Philippines," Lacbain said in an interview.

SCOUTS: THRIVING THE SPIRIT UPON REALITY



Jamboree is an experience that is worthy to be savored for a lifetime. This is the time where we meet someone, encounter diverse culture, and face something bigger than our fears.

This helps us find our common grounds amidst the scenes and dreams. Scouting makes humanity alive, community a better place, and friendship among others become solid. But one question remains unanswered: what happens next after the long period of scouting?

Scouts have two different way of living; the odd life of scouting towards basic life skills and the life of everyday living. Experiences and life lessons are significant to a man's life, hence, this short period of scouting taught us a lot of values on becoming a holistic-molded-nurtured man.

Scouts are known for their invaluable contribution. They partake on various activities viz. bloodletting, green project, calamity rescues and a lot more. Proving what identity they get from scouting is the same thing upfront to the reality, the motif to be an ethical men, a responsible one.

Scouting develops our skills in many aspects. The more it sharpens the Scouts, the more they hit the tendency to be globally prepared in life and survival skills.

During the seven-day scouting, set of activities are readily served ; (1) modules that comprise all the characteristics a scout must possess, (2) forums that talk about life awareness viz. HIV, Calamities, and First-Aid, and lastly (3) immersion, this connotes on the idea of "putting yourself on that situation-condition."

Scouting is somehow, an inked path that we can seek to eliminate sorts of

social issues. It is an ideal perspective en route to all, to be equally oriented with the trends of the 21st Century. Also, this transcends the past that never fades but continues, develops and improves.

All in all, as we thrive the spirit of reality, we become well-versed and strong to face the inevitable challenges life may throw upon us.

Liwanag sa Gitna ng Karimlan

VIRTUOUS FOLLOWING



EMBLAZE

GINALYNEDPALIN

"A good leader always roots from a good following"

We would all be expecting a better society if youths of today would go through training the "Boy Scouts Way".

This pertains to the values usually inculcated among Scouts, in which the best of all is being good followers that usually coincides the discipline and respect every Scout is expected to manifest in their everyday lives not only in the camp but at school, home and community.

Scouting just exemplifies acts that an ideal person should do, which usually start from simple good deeds inculcated to them at their young age. That simple greeting they do, for example, and simple problem solving they practice just create in them a positive attitude they may carry as they grow up. Simple cleaning up of mess after a task, simply teaches them to be more organized. Simple helping to those in need creates in them the attitude of serving selflessly. There are still more that they do, which simply manifest what

kind of people they would be in the future if in their young age, they are introduced to the importance of following, since it is on this way they are trained to work as a group, unminding their personal welfare, rather, thinking of what benefits the majority.

If there is one important thing 'following' promotes well, it is the collaboration with the responsibility to still come up with best results without compromising the 'right'. It's the integrity Scouting contributes the society. If every people is trained on this Scouts' way of life, then our world will be an ideal place where only love reigns in every heart, no war, conflict, corruption and selfishness, only concern for the benefit of fellows that if would spread well, would continually pay forward.

A good leader always roots from a good following. Let us not forget this.

Ikaw ang mag-iingat ng apoy na magningas sa puso mo upang ang

ILLUMINATE

kadilima'y unti-unting gagapang pabalik sa kuweba ng kahinaan at pag-aalinlangan hanggang sumapit na ang iyong liwanag ay mamukod tanging ilaw na gagabay para sa lahat upang ibahagi at nang sa ganoon ay magliwanag ang buong daigdig.

Ang grand campfire na naganap sa hul ing gabi ng 17th Nat'l Scout Jamboree ay hindi lamang isang inaabangang tampok bilang panatapos na gawain kundi isang simbolikong ritwal na nag-papakita ng linawag sa gitna ng kadiliman ng gabi, ng init para sa samahang binuklod ng Iskawting at kakayahang maging tanglaw para sa isa't isa.

Bagaman ang hantungan nito'y pamamamaalam, sa kabilang banda, isa itong panimulang hamon upang pag-ibayuhin ang galing ng bawat iskawt bitbit ang pag-asa, talas ng isip at lakas ng loob upang kayaning suungin ang darating pang mga araw. 'Yan ang paniguradong laman ng mga bagahe ng bawat kasapi ng 17th National Scout Jamboree sa kanilang pamamaalam sa Camp Kainomayan.

Sa pag-antabay sa mga susunod pang malaking pagtitipon tulad nito, aasahang lalo pang mahuhubog ang



JAYSONNALICAT

"Nawa'y maging apoy kang tatanglaw sa kapwa mong hindi namamalas ang ganda ng buhay dahil pinipiling kumubli sa anino"

bawat kasapi nito para sa adhikaing mahubog ang mga kabataan at makabuo ng lipunang tanggap ang bawat isa. Sa lipunang nababalot minsan ng kadiliman ng mga hindi pagkakun-awaan at mga usapin na naghahantay ng solusyon,

mainam na may mga bagong sibol na Iskawt na sinisimulang sindihan ang sisinghap-singhap na apoy ng kamalayan sa pansibikong responsibilidad, iniwasan ang buga ng hanging papatay sa ningas nito hanggang handa na upang ganap na maging lider na babagtas sa daang patungo sa maunlad na Pilipinas.

Hindi ba't napakaganda kung ang bawat isa ay handang akayin ang kasamahang naliligaw ng landas, ituwid ang kamalian at gawing paalala na may kaagapay sila sa oras ng karimlan? Iskawts, papag-alabin mo ang pinanumpaang mong tungkulin, isabuhay ang mga batas ng Iskawts at itaguyod mo itong ating bayan.

Nawa'y maging apoy kang tatanglaw sa kapwa mong hindi namamalas ang ganda ng buhay dahil pinipiling kumubli sa anino habang ang ilaw nilay namumungay at nilalamon ng kapanglawan.

Sama-sama nating isabog ang liwanag at palaganapin ang diwa ng Iskawting!

Editor in Chief: Jayson J. Nalicat / Ginalyn F. Edpalin

News Editor: Krizza B. Dinoso / Juvy C. Deliquina/ Jethro Ray A. Ticong

Feature Editor: Marc Jay R. Duque / John Spencer D. Arlega

Layout Artist: Angela Kristine Q. Cabal / Randell Echon / Emmanuel F. Pangilinan

Writers: Roger Encino / Fatima Edra / Juster Marc Echipse / Andrei F. Pangilinan /

Ara Joy Baluyot / Dan Reyven Mendigorin / Gellen Enap / Lee John Ng / Janesa Joy Dullas /

Hannah Lee Gernale / Ryan Cabusao / Jhonley Paul Quilalang / Rachel Loreign D. Panes / Marielle Castrence

/ Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar

OROTOY'S Editorial Board

Consultant: BSP National Council / David Dominic Lanuza/ Maria Domitela Mora / Majalia Dolandolan Dial / Emily D. Mayor

